# KUMUSTA ANG MANGGAGAWANG PILIPINO?

## Sadsad sa gutom at kahirapan dahil sa...

- Hindi sapat ang minimum wage kahit saang rehiyon
- Mahal na singil sa bayarin gaya ng kuryente't tubig
- Biktima tayo ng lingguhang taas-presyo
- Mataas na deductions sa SSS, PhilHealth, at Pag-IBIG

## Pinapalala pa ng...



- Barat at babagal-bagal ang Regional Wage Boards sa pagpapataas ng sahod
- Walang ginagawa ang rehimeng Marcos habang nilalamon tayo ng mahal na presyo at singil

# BAKIT MABABA ANG SAHOD?

Dahil ganid sa tubo ang **kapitalista**

Dahil mas pinapaboran ng rehimeng **Marcos Jr.** ang interes ng kapitalista

## Nananatiling mababa ang sahod dahil sa...

**Wage Rationalization Act** — Walang national minimum wage dahil sa batas na 'to na pinapanatili ni Marcos Jr. Pinapaubaya sa regional wage boards ang kakarampot na umento sa sahod.

**Herrera Law** — Batas na nagbibigay puwang sa paglaganap ng iba't ibang porma ng kontraktwalisasyon.

**Union Busting at NTF-ELCAC** — Katiting na nga lang ang mga manggagawang may unyon na tanging organisasyon laban sa kapitalista, tinatapakan pa ang ating karapatan mag-unyon.

***Dikta ng monopolyo kapitalista at imperyalistang US ang mga patakarang ito!***

# P1,200 family living wage, kaya ba natin 'to?



**TOP PHILIPPINE COMPANIES**
according to TIME World's Best Companies of 2024


| WORLD RANKING | COMPANY |
|---|---|
| 274 | Ayala Corporation |
| 451 | Security Bank Corporation |
| 463 | San Miguel Corporation |
| 502 | SM Investments |
| 577 | SM Prime Holdings |
| 649 | Jollibee Foods Corporation |
| 727 | Aboitiz Group |
| 775 | Robinsons Retail Holdings |
| 849 | China Bank PH |
| 863 | Alliance Global |
| 897 | PLDT |
| 935 | Metropolitan Bank & Trust Company |
| 997 | Puregold Price Club |

**Oo naman!** Makatwiran na ibatay sa FLW ang arawang minimum na sahod. Ito ang pamantayan ng halaga ng saligang pangangailangan ng mga manggagawa. At ayon din sa Konstitusyon (Art. 13, Sek. 3), tungkulin ng gobyernong tiyakin ang karapatan ng lahat ng manggagawa sa nakabubuhay na sahod.

Sa totoong buhay, tumataas ang produktibidad nating manggagawa. Sa gitna ng pandemya, mula PhP 695 noong 2020 naging PhP 1,165 noong 2022 ang nililikhang yaman kada araw ng bawat manggagawang Pilipino. Pero kinakamkam lang ito ng mga kapitalista. Pruweba: napakababa ng sahod natin pero yumaman ang Top 1,000 corporations mula PhP 700 million tungong PhP 4.3 bilyon sa parehong panahon.

Makatarungang singilin natin ito kay Marcos. Kayang-kaya nating abutin ang ₱1, 200 family living wage kapag sama-sama natin itong ipinaglaban!


# Ito ang p'wedeng gawin:



- Buuin ang pagkakaisa ng mga manggagawa - regular man o kontraktwal, unyon man o samahan, sa pabrika o sa komunidad. Kolektibo nating isulong ang laban para sa pagtataas ng sahod tungo sa nakabubuhay na antas.




- Lumahok sa pagpapakalat ng Living Wage Vote. Itakda at paalingawngawin natin na ang boto ng manggagawa ay para sa nakabubuhay na sahod.



- Hamunin natin ang mga kandidato na sumumpa para sa P1,200 na family living wage. Isang pamamaraan ang pagpapasa ng batas sa Kongreso at Senado para maabot ang nakabubuhay na sahod. Makakatulong din kung makakapagpasa ng resolusyon para sa FLW ang mga probinsya, syudad at munisipalidad.



- Dumalo sa Nobyembre 30 - Araw ni Bonifacio. Lumahok tayo sa kampanya para sa pagpapababa ng presyo ng bilihin, laban sa kontraktwalisasyon, laban sa mga atake sa pagu-unyon, at para sa kalayaan mula sa panghihimasok ng Estados Unidos sa ating ekonomiya.